Republic of the Philippines
**Department of Education**
DepED Complex, Meralco Avenue, Pasig City

OCT 2 9 2008

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 500 , s. 2008

PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SARSUWELA

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Publiko at Pribadong Paaralan

1. Ang Unibersidad ng Pilipinas at UP Kolehiyo ng Arte at Literatura sa pagtangkilik ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon ay magdaraos ng **Pambansang Kumperensiya sa Sarsuwela** sa Pebrero 25-27, 2009 sa Pulungang Recto, Bulwagang Rizal, Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman, Lungsod Quezon.

2. Pangunahing layunin ng pambansang kumperensiya ang makagawa ng dalumat sa sarsuwela gamit ang balangkas at/o modelong interdisiplinaryo. Sa kabuuan, layunin ng kumperensiya ang mga sumusunod:

a. makabuo ng isang lipunan ng mga iskolar sa Philippine Performance Studies na interesado sa pag-aaral ng sarsuwela;
b. magkaroon ng pagkakataon para makapagbasa at mapag-usapan ang mga pananaliksik ng mga iskolar sa Philippine Performance Studies at mga nagtatanghal sa entablado;
c. makabuo ng dalumat o teorya hinggil sa sarsuwela bilang bahagi ng pagtatanghal sa Pilipinas; at
d. makabuo ng network ng mga iskolar at mga nagtatanghal para sa posibleng kolaborasyon sa hinaharap.

3. Ang tagapangulo at miyembro ng kaguruan ng Kagawaran ng Filipino sa bawat paaralan ay inaanyayahang dumalo sa kumperensiyang ito. Maaari ding dumalo ang mga iskolar, nagtatanghal sa teatro at estudyante ng sining pandulaan, aralin sa sining, antropolohiya, at mga kaugnay na disiplina sa lahat ng antas ng pag-aaral.

4. Ipadala ang inyong reserbasyon bago ang ika-17 ng Disyembre 2008 kay:

G. Vladimeir Gonzales o G. Jayson Petras
Mga Tagapangasiwa ng Kumperensiya
Faculty Center, Bulwagang Rizal
Kolehiyo ng Arte at Literatura
UP Diliman, Lungsod Quezon, 1101
Tel. Blg.: 981-8500 local 2104, 2105, 2106
929-4508; 434-4686
Telefax Blg.: 928-7508

1264(5)

5. Ang rehistrasyon na Apat na Libong Piso (PhP4,000.00) para sa conference kit, sertipiko at pagkain at gastusin o bayarin sa transportasyon mula sa pinanggalingang institusyon o paaralan hanggang sa lugar ng kumperensiya ay maaaring manggaling sa pondong lokal, pribadong samahan o ahensya, samahan ng mga magulang at guro, MOOE at iba pang maaaring pagkunan.

6. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa UP Kolehiyo ng Arte at Literatura, tel. blg. 981-8500 lokal 2104, 2105, 2106, 929-4508, 434-4686. telefax blg. 928-7508.

7. Hinihiling ang agaran at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**JESLI A. LAPUS**
Kalihim

Sanggunian:
W a l a

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES
Learning Area, FILPINO
SEMINARS
TEACHERS
WORKSHOPS

Madel:c:Sarsuwela
9-1-08